# (( Sinuman ang nakatulog mula sa pagdarasal nito [gitna ng ]Gabi,o di kaya`y sa ilang bahagi nito,Pagkatapos ay binasa niya ito sa pagitan ng Dasal ng Fajr at Dasal ng Dhuhr,Isusulat sa kanya,na para niya itong binasa sa [gitna ng ] Gabi.))

Ayon kay `Umar bi Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya-sa Hadith na Marfu- (( Sinuman ang nakatulog mula sa pagdarasal nito [gitna ng ]Gabi,o di kaya`y sa ilang bahagi nito,Pagkatapos ay binasa niya ito sa pagitan ng Dasal ng Fajr at Dasal ng Dhuhr,Isusulat sa kanya,na para niya itong binasa sa [gitna ng ] Gabi.))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang bahagi:Ang kahulugan nito ay bahagi ng ilang bagay,kabilang rito ay mga bahagi ng Qur-an,Kapag sa isang Tao ay nakapagtakda ng dasal na dadaslin niya sa (hating) gabi;ngunit siya ay nakatulog rito,o di kaya`y sa ilang bahagi nito,at isinagawa niya ito sa pagitan ng Dasal na Fajr at Dasal na Dhuhr; kahalintulad ito na dinasal niya sa gabi nito,ngunit kapag siya ay nagsagawa ng Witr sa gabi,tunay na kapag isinagawa niya ito sa Araw,ay hindi siya magsasagawa ng Dasal na Witr,Ngunit gagawin iyang dalawahan ang Witr,ibig sabihin ay dadagdagan niya ng isang tindig (ang Witr),Kapag ang naka-ugalian niya ay ang magdasal ng Witr ng tatlong tindig,isasagawa niya ito ng apat,at Kapag ang naka-ugalian niya ay ang magdasal ng Witr ng lima,isasagawa niya ito ng anim,,Kapag ang naka-ugalian niya ay ang magdasal ng Witr ng pitong,isasagawa niya ito ng walo,at ganoon.At ang patunay rito ay ang Hadith ni `Aishah malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag nanaig sa kanya ang pagtulog o di kaya`y nagkasakit sa gabi,Nagdadasal siya sa Araw nang labin-dalawang Tindig,At ipinahayag niya na ang pagsasagawa ay gaganapin,pagkatapos ng pagsikat ng araw na kasing-taas ng palaso,upang hindi siya makapagdasal sa oras na ipinagbabawal.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee